Mensahe Pito

**Si Nehemias—**
**Tuláran ng Isang Nagtataglay ng Pampanahunang Halaga sa Diyos**

Babasahin sa Kasulatan: Apoc. 12:1-14; Neh. 1:1-11; 2:9-20;
4:4-5, 9; 5:10, 14-19; 8:1-10; 13:14, 29-31

**I. Ninanais ng Diyos na tapusin ang kapanahunang ito at ipasok ang kapanahunan ng kaharian; upang maisakatuparan ito ng Diyos, dapat Siyang magkaroon ng Kanyang pampanahunang instrumento:**

A. Tayong lahat ay dapat tumingin sa Panginoon at manalangin na magkaroon tayo ng pampanahunang halaga sa Diyos; kailangan nating tanungin ang ating mga sarili kung ano ang ginagawa natin upang isara ang kapanahunang ito at ipasok ang kasunod na kapanahunan, ang kapanahunan ng kaharian; ito ay isang espesyal na panahon, kaya't kailangan ng mga espesyal na mananampalataya upang gumawa ng isang espesyal na gawain.

B. Yaong mga makapagsasabi lamang ng, "Humayo," subalit hindi "Lumapit," ay walang epekto; yaon ay, wala silang magiging pampanahunang halaga sa Diyos—cf. Heb. 10:22:

1. Hindi sinabihan ng manunulat ng Hebreo ang mga mananampalataya na magtungo kundi lumapit; ito ay nangangahulugan na ang manunulat ay nasa isang partikular na lugar at ninais niya na ang kanyang mga mambabasa ay lumapit sa lugar na kinalalagyan niya.
2. Kailangan nating lumapit sa tatlong bagay: sa Kabanal-banalan, sa trono ng biyaya, at sa Diyos mismo; huwag umurong—lumapit—b. 22; 4:16; 7:25; 11:6.
3. Ang Diyos ay nasa trono ng biyaya, at ang trono ng biyaya ay nasa Kabanal-banalan; sa panahon ng pagsusulat ng aklat ng Hebreo, ang manunulat ay nasa Kabanal-banalan, tinatawag ang mga mananampalataya upang lumapit.

C. Ang raptyur ng lalaking-anak sa langit, ang pagbulid kay Satanas sa lupa, at ang deklarasyon sa langit na dumating na ang kaharian ay sumasagisag na ang pagtatamo ng Diyos ng lalaking-anak ay ang pinakadakilang pampanahunang pagkilos, sapagkat ito ang tatapos sa kapanahunan ng ekklesia at ipakikilala ang kapanahunan ng kaharian—Apoc. 12:5, 9-10; 11:15.

D. Ang raptyur ng lalaking-anak sa trono ng Diyos ay bago ang isang libo dalawang daan at animnapung araw, ang panahon ng matinding kapighatian ng tatlo at kalahating taon (apatnapu't dalawang buwan)—12:1-14; 13:5; 11:2.

E. Tayo ay namumuhay sa pinakapribilehiyong panahon kung saan magagawa natin ang pinaka para sa Diyos; ang Diyos bilang liwanag ay ipapakita sa atin ang daan, subalit ang nananahan sa loob na Kristo bilang ating kalakasan at kapangyarihan ang nagbibigay kakayahan sa atin na lakaran ang daan; isang malaking halaga ang dapat bayaran upang magamit ngayon—3:18.

**II. Sapagkat ang ekklesia ay hindi pa nakaabot sa layunin ng Diyos, pipili ang Diyos ng isang grupo ng mga mandaraig na aabot sa Kanyang layunin at tutuparin ang Kanyang kahilingan; ito ang prinsipyo ng lalaking-anak—12:1-2, 5, 10-11; 2:7, 11, 17, 26-28; 3:5, 12, 20-21:**

A. Ang pansinukob na babaeng maliwanag ay kumakatawan sa kabuuan ng bayan ng Diyos, at sa sukdulan, ang binhi ng babae sa Genesis 3:15 ay napalaki upang mapabilang ang mga mandaraig na mananampalataya, ang mas malakas na bahagi ng bayan ng Diyos, isinasagisag ng lalaking-anak—Apoc. 12:1-2, 5, 10-11.

B. Ang nabuhay na muling Kristo bilang ang Espiritung nagbibigay buhay ay ang nagbagong-anyong inapo ng babae, ang binhi ng babae, na ipinamahagi sa atin upang durugin ang ulo ng ulupong sa loob natin at gawin tayong sama-samang binhi ng babae, ang nananaig na lalaking-anak, upang isagawa ang paghahatol ng Diyos sa antigong ahas at upang maging pampanahunang instrumento ng Diyos upang palitan ang kapanahunan at ipasok ang pagpapakita ng kaharian ng Diyos—b. 5.

C. Ipinapahiwatig ng Awit 2:8-9, Apocalipsis 2:26-27, at Apocalipsis 12:5 na ang Panginoong Hesus bilang Pinahiran ng Diyos, ang mga mandaraig sa mga ekklesia, at ang lalaking-anak ay mamumuno sa mga bansa na may pamalong bakal, kaya't pinapatunayan na ang Panginoong Hesus, ang mga mandaraig, at ang lalaking-anak ay iisa; ang Panginoon bilang ang nangungunang Mandaraig (3:21) ay ang Ulo, sentro, realidad, buhay, at kalikasan ng lalaking-anak, at ang lalaking-anak, bilang ng mga sumusunod na mandaraig, ay ang Katawan ng Panginoon.

D. Sa pamamagitan ng kamatayan ng Panginoon sa krus, si Satanas, ang matandang ahas, ay hinatulan, pinalayas (Juan 12:31; 16:11); ang paghahatol at sentensyang iyon sa huli ay maisasagawa at maipapatupad ng mga mandaraig bilang ang lalaking-anak, ang sama-samang binhi ng babae; ang digmaang isinagawa ng mga mananampalatayang mandaraig laban kay Satanas sa katunayan ay ang pagpapatupad ng paghahatol ng Panginoon sa kanya upang siya kalaunan ay mapalayas mula sa langit (Apoc. 12:7-9).

E. Ang lalaking-anak ay binubuo ng mga mandaraig na tumatayo alang-alang sa ekklesia, kinukuha ang posisyon na dapat sanang kunin ng buong ekklesia, at ginagawa ang gawain para sa ekklesia—2:7b, 11b, 17b, 26-28; 3:5, 12, 21; 12:5, 11:

1. Ang buong bayan ng Diyos ay dapat magkaroon ng bahagi sa Kanyang walang hanggang layunin, subalit hindi lahat ay umaako ng kanilang karampatang responsabilidad; samakatuwid, pinili ng Diyos ang isang grupo sa gitna nila—ang lalaking-anak na iniluwal ng babae.
2. Sa Bibliya ang mga mas malakas sa gitna ng bayan ng Diyos ay itinuturing na isang sama-samang yunit na nakikipagbaka sa digmaan para sa Diyos at dinadala pababa ang kaharian ng Diyos sa lupa—Apoc. 12:5, 10-11.
3. Gagamitin ng Diyos ang lalaking-anak upang tuparin ang Kanyang ekonomiya at upang isakatuparan ang Kanyang layunin—1 Tim. 1:4; 2 Tim. 1:9; Efe. 1:9, 11; 3:11.
4. Kailangan ng Diyos ang lalaking-anak upang talunin ang Kanyang kaaway at ipasok ang Kanyang kaharian upang ang Kanyang walang hanggang layunin ay maisakatuparan; ang pagbabawi ng Panginoon ay ang praktikalidad ng ekonomiya ng Diyos ngayon, at ang Kanyang ekonomiya ay maisasagawa lamang ng lalaking-anak—Apoc. 12:10.

F. Ang raptyur ng lalaking-anak ay isang transaksyon na magsasanhi kay Satanas na mawalan ng posisyon sa langit; dapat tayong maraptyur upang tuparin ang pangangailangan ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapatupad ng Kanyang paghahatol sa Kanyang kaaway—bb. 5, 7-10.

G. Dinaraig ng mga bumubuo ng lalaking-anak ang diyablo (ang tagapag-akusa, ang maninirang puri), na si Satanas, ang katunggali ng Diyos, dahil sa dugo ng Kordero at dahil sa salita ng kanilang patotoo, at hindi nila iniibig ang kanilang buhay-kaluluwa maging hanggang sa kamatayan—bb. 10-11.

H. Ang buong katauhan ng lalaking-anak ay nababaran at natigmakan ng elemento ni Kristo, sapagkat sila ay araw-araw na napapalakas sa kanilang panloob na tao upang maitayo ni Kristo ang Kanyang sarili sa kanilang mga puso, sila ay napapakain ng mga di-malirip na kayamanan ni Kristo, at kanilang ibinibihis si Kristo bilang ang buong kutamaya ng Diyos—Efe. 3:16-18, 8; 6:10-11.

**III. Nang ang Israel ay dalhing bihag sa loob ng pitumpung taon, ang Diyos ay mayroon pa ring pampanahunang pagkilos dahil kay Nehemias, na isang tunay na mandaraig; siya ay isang tulárang nagtataglay ng pampanahunang halaga sa Diyos—Neh. 1:1-11; 2:9-20; 4:4-5, 9; 5:10, 14-19; 8:1-10; 13:14, 29-31:**

A. Ang mahalagang punto sa aklat ng Nehemias ay yaong ang muling pagtatayo ng lunsod ng Herusalem kasama ang pader nito ay kapwa isang patuloy na pagbabawi sa gitna ng Kanyang hinirang para sa Kanyang patotoo bilang ang pagsasakatuparan ng ekonomiya ng Diyos at isang pananggalang at proteksyon para sa bahay ng Diyos sa loob ng lunsod:

1. Ito ay sumasagisag na ang bahay ng Diyos bilang ang Kanyang pananahan at tahanan sa lupa ay kailangang maitatag ang Kanyang kaharian bilang isang kinasasaklawan upang ipananggalang ang Kanyang interes sa lupa para sa Kanyang administrasyon upang isagawa ang Kanyang ekonomiya—cf. Roma 14:17.
2. Ang muling pagtatayo ng bahay ng Diyos ay sumasagisag sa pagbabawi ng Diyos sa napababang ekklesia, at ang muling pagtatayo ng pader ng lunsod ng Herusalem ay sumasagisag sa pagbabawi ng Diyos ng Kanyang kaharian; ang pagtatayo ng bahay ng Diyos at ang Kanyang kaharian ay magkasama—Mat. 16:18-19.

B. Kapag ating natatanto at natatamasa si Kristo bilang ating buhay, tataglayin natin ang ekklesia bilang ang bahay ng Diyos; kung tayo ay higit na magpapatuloy at matatanto ang Kanyang pagkaulo, ang bahay ay mapapalaki upang maging ang lunsod, ang kaharian ng Diyos—Efe. 1:10, 22-23; 4:15; Apoc. 22:1.

C. Ipinapakita ng Nehemias ang pangangailangan nating magkaroon ng wastong pagiging agresibo sa pagbabawi ng Panginoon ngayon:

1. Ang mga lider ng mga Moabita at mga Amoreo ay lubhang di-nasiyahan hinggil sa paghahangad ni Nehemias para sa kabutihan ng mga anak ni Israel; ang mga inapo ng di-dalisay na pagdami ni Lot ay napoot at hinamak ang mga anak ni Israel—Neh. 2:10, 19; cf. Ezek. 25:3, 8.
2. Kaugnay sa panlalait, paghamak, at paninisi ng mga sumasalungat na ito, si Nehemias ay napakadalisay at agresibo, hindi duwag—Neh. 2:17-20; 4:1-23; cf. Gawa 4:29-31; 1 Tes. 2:2; 2 Tim. 1:7-8.
3. Ang mga agresibo ang nakakatanggap ng tulong mula sa Diyos; gaya ni Nehemias, si apostol Pablo ay umanib sa Diyos at natanto ang tulong ng Diyos sa ganitong pag-anib—Gawa 26:21-22.
4. Ang pagiging agresibo ni Nehemias, bilang isang kagalingan sa kanyang pantaong asal, ay nagpapakita na ang ating natural na kapasidad, abilidad, at mga kagalignan ay dapat dumaan sa krus ni Kristo at maihatid sa pagkabuhay na muli, tungo sa Espiritu bilang ang pagpapasukdol ng Tres-unong Diyos, upang maging kagamit-gamit sa Diyos sa pagsasakatuparan ng Kanyang ekonomiya.

D. Si Nehemias ay hindi namuhay sa kanyang natural na tao kundi sa pagkabuhay na muli; siya ay agresibo, subali’t ang kanyang pagiging agresibo ay sinamahan ng ibang katangian:

1. Sa kanyang kaugnayan sa Diyos, siya ay umibig sa Diyos at inibig din ang interes ng Diyos sa lupa, kasama ang Banal na Lupain (sumasagisag kay Kristo), ang banal na templo (sumasagisag sa ekklesia), at ang banal na lunsod (sumasagisag sa kaharian ng Diyos)—1 Hari 8:48; cf. 2 Tim. 3:1-5.
2. Bilang isang taong umiibig sa Diyos, nanalangin si Nehemias sa Diyos upang kaugnayin Siya sa pagsasalamuha; para sa muling pagtatayo ng pader, si Nehemias ay tumayo sa salita ng Diyos at nanalangin ayon dito—Neh. 1:1-11; 2:4; 4:4-5, 9.
3. Nagtiwala si Nehemias sa Diyos at naging kaisa ng Diyos; bilang resulta, siya ay naging ang kinatawan ng Diyos—5:19; cf. 2 Cor. 5:20.
4. Sa kanyang kaugnayan sa mga tao, si Nehemias ay hindi maramot, walang anumang sariling paghahanap o sariling interes; lagi siyang nagkusang isakripisyo kung ano ang mayroon siya para sa mga tao at para sa bansa—Neh. 5:10, 14-19.

E. Si Nehemias, bilang ang gobernador, sa posisyon ng isang hari, ay isang taong may wagas na puso para sa muling pagtatayo ng pader ng Herusalem sa pagsasagawa ng ekonomiya ng Diyos; siya ay isang tuláran ng kung ano dapat ang isang lider sa gitna ng bayan ng Diyos—cf. 1 Tim. 3:2-7; 1 Ped. 5:1-3:

1. Di tulad ng maraming hari sa Israel at Juda, siya ay hindi maramot, hindi naghahanap ng sarili niyang interes, at hindi nagpakasasa sa pitang sekswal.

2. Bilang ang punong kumandante, si Nehemias ay nasa gitna ng mga handang makipagbaka laban sa kaaway, at nakibahagi sa gabing pagbabantay; hindi niya pinaubaya ang mga bagay na ito sa iba kundi siya mismo ay nakibahagi sa mga ito—Neh. 4:9-23.
3. Siya at ang kanyang mga kapatid ay hindi kumain ng pagkaing itinakda para sa gobernador sa loob ng labindalawang taon dahil sa takot sa Diyos—5:14-15.
4. Inaplay niya ang kanyang sarili na gumawa sa pader ng lunsod na walang anumang uri ng kabayaran; sa halip na pagiging mapaghanap sa sarili, pinakain niya ang iba para sa pagtatayo ng pader—bb. 16-18.

F. Bagama't si Nehemias ang pinuno, siya ay lubusang hindi ambisyoso; ito ay ipinahiwatig ng katotohanan na sa muling pagbubuo ng bansa, kinilala niya ang pangangailangan kay Ezra para sa muling pagbubuo ng bayan ng Diyos ng salita ng Diyos—8:1-10; Fil. 2:3-4.

G. Si Nehemias ay ang perpektong lider, ang pinakamainam na lider sa kasaysayan ng tao at ang pinakamabuting halimbawa ng kung ano dapat ang maging isang matanda; tiyak na karapat-dapat ito para sa atin, lalo na ang mga nangunguna sa mga ekklesia, upang isaalang-alang ang halimbawang ito upang tayo ay maging isang tuláran ng pagtatamo sa Diyos at pinapadaloy ang Diyos sa iba upang ibaling ang kapanahunan—Neh. 5:19; 13:14.

*© 2022 Living Stream Ministry*